# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## CBS300 Heroes and Judges

## CBS310 Samuel, ang Huling Hukom
**Conrad Jun Tolosa**

### *Laganap na Kasamaan*

Patuloy ang paglaganap ng idolatry sa mga tao ng Israel. Wala ring hari nang panahon na iyon kaya ang mga Israelita ay namuhay ng ayon sa kung ano ang sa tingin nila ay tama.

Si *Eli (#14)* ang sumunod na hukom ng Israel. Siya rin ang pari sa Shiloh kung saan nagpupunta ang mga Israelita upang maghandog. Siya ay may dalawang anak na parehong lapastangan at walang takot sa Diyos. Wala rin silang galang sa regulasyon ng pagkapari. Tuwing may maghahandog, pinapapunta nila ang kanilang mga katulong habang pinapakuluan pa lang ang karne. May dala silang malaking tinidor na may tatlong ngipin at itinutusok sa loob ng malaking kaldero o palayok. Lahat ng matusok o sumama sa tinidor ay itinuturing na nilang para sa pari. Ginagawa nila ito tuwing maghahandog sa Shilo ang mga Israelita. Hindi lamang iyon. Bago pa maihandog ang taba ng karne, nilalapitan na ng mga katulong ang mga naghahandog at sinasabi, "Hilaw na karne ang ibibigay ninyo sa pari. Hindi niya kukunin kapag luto na ang ibibigay ninyo. Hilaw ang gusto niya upang maiihaw niya ito."

Malaking pagkakasala ang ginagawa nilang ito sapagkat ito'y paglapastangan sa handog para sa Diyos.

Nalaman ni Eli ang masamang ginagawa ng kanyang mga anak subalit hindi siya pinakinggan at hindi naman niya napigilan ang mga ito. Hindi sila nakinig sa ama sapagkat ipinasya na ng Panginoon na sila ay patayin.

Sinabi ng propeta ng Diyos kay Eli ang ganito: *Pinili Ko ang iyong ama mula sa lahat ng mga lipi bilang Aking saserdote. Subalit bakit mas pinararangalan mo ang iyong mga anak sa pamamagitan ng pagkain ng mga piling bahagi ng mga handog. Ngayon, pararangalan Ko ang nagpaparangal sa Akin, ngunit kasusuklaman Ko ang humahamak sa Akin. Makakaranas ng pagdurusa ang iyong sambahayan. Bagamat makararanas ng kabutihan ang Israel, walang matandang mananatili sa inyong lipi. Ang iyong mga anak, sina Hophni at Phinehas ay sabay na mamamatay sa iisang araw.*

Sumiklab ang digmaan ng Israel laban sa mga Philistines. Natalo ang Israel. Dahil sa pagkatalo minabuti ng mga Israelita na kunin ang ark of the covenant mula sa Shiloh upang mapalapit sa kanila. Nang dumating ang ark sa kanilang kampo, nayanig ang lupa sa lakas ng kanilang hiyawan.

Nalaman ng mga Philitines ang ginawang iyon ng Israel at sinimulan silang mabagabag. Subalit pinalakas nila ang kanilang loob at muling natalo ang Israel sa labanan. Pati ang ark of the covenant ay tinangay ng mga Philistines.

Dumating ang balita kay Eli ng madugong pagkatalo ng Israel sa kamay ng mga Filisteo, pagkamatay ng kanyang dalawang anak at ang pagkatangay ng ark of the covenant. Ang balitang ito ang naging sanhi ng kanyang pagkamatay. Naghukom si Eli sa Israel sa loob ng 40 years.

Ang ark of the covenant ng Lord ay dinala ng mga Philistines sa Asnod. Ipinasok nila ito sa Templo at itinabi sa kanilang diyos na si Dagon. Kinaumagahan, nakita ng mga taga-Asnod na nakasubsob ang rebulto ni Dagon sa harap ng ark of the covenant. At nagkakaroon ng salot saan man dalhin ng mga Philistines ang kaban ng Diyos. Dahil sa mga pangyayaring ito, ibinalik ng mga Philistines ang ark ng covenant ng Diyos sa mga Israelita.

***Samuel, ang Huling Hukom***

Sa isang bayan sa kaburulan ng Efraim, ang mag-asawang Elkanah at Hannah na walang anak ay taon-taong nagpupunta sa templo sa Shiloh upang si Elkanah ay sumamba at maghandog sa Diyos. Isang araw, si Hannah, sa kanyang lubos na pighati at kalungkutan, ay umiyak at nanalangin sa Panginoon at hiniling na pagkalooban siya ng anak. Ipinangako niya na ang anak na ipagkakaloob sa kanya ay habang buhay na maglilingkod sa Panginoon.

Sa tamang panahon, nagka-anak sina Elkanah at Hannah. Samuel ang ipinangalan ni Hannah sa anak sapagkat ang batang ito ay ibinigay sa kanya ng Panginoon.

Nang lumaki na ang bata, dinala ni Hannah si Samuel sa bahay ng Panginoon sa Shiloh. Nagdala sina Elkanah at Hannah ng baka kay Eli na punong saserdote sa templo. Doon ay ihinandog ni Hannah si Samuel sa Panginoon.

Si Elkana at ang buo niyang sambahayan ay umuwi sa Rama. Ngunit iniwan nila si Samuel upang maglingkod sa Panginoon sa pangangasiwa ni *Eli.* Taon-taon ay iginagawa siya ni Hannah ng maliit na balabal at dinadala niya ito sa anak sa taunang paghahandog. Si Hannah ay pinagpalang muli, siya ay nagkaroon ng iba pang mga anak - tatlong lalaki at dalawang babae.

Samantala, lumaki naman si Samuel na naglilingkod sa Panginoon at patuloy na lumalaking kalugod-lugod sa harap ng Panginoon at ng mga tao.

Minsan, nang siya ay nakahiga na, may narinig siyang tumatawag sa kanya. Tatlong beses itong nangyari at tatlong beses din siyang lumapit kay Eli. Sinabi sa kanya ni Eli na kapag siya ay tinawag, sabihin niya ang ganito, *Magsalita kayo Panginoon. Nakikinig ang inyong lingkod*. Ganoon nga ang ginawa ni Samuel at sinabi ng Panginoon sa kanya ang darating na paghatol sa buong sambahayan ni Eli. Sinabi niyang lahat kay Eli ang mensahe ng Panginoon.

Lumaki si Samuel at patuloy na pinatnubayan ng Diyos. Lahat ng kanyang sinasabi ay nagkakatotoo. Bunga nito, tinanggap ng Israel na si Samuel ay isang tunay na propeta ng Diyos.

Nagpahayag ang Diyos kay Samuel at dininig siya ng buong Israel.

Dalawampung taon makalipas nang dalhin ang ark of the covenant sa Jaerim, ang buong Israel ay lumapit at dumaing kay Samuel. Sinabi niya sa kanila na alisin nila ang lahat ng kanilang diyos-diyosan kung nais nilang manumbalik sa Panginoon ng buong puso. Nagtipon ang buong Israel sa Mizpa at ipinanalangin sila

ni Samuel. Naghandog, nag-ayuno at nanangis: *Nagkasala kami kay Yahweh*. Doon sa Mizpa ay nanungkulan si Samuel bilang hukom.

Si Samuel (#15) ang naging huling hukom ng Israel.

***Multiple Choice:***

1. Anong pagkakasala ang ginagawa ng mga anak ni Eli sa mga handog na para sa Panginoon?
   a. Hindi nila ginagalang ang mga regulasyon sa pagkapari.
   b. Kinukuha nila agad ang magandang bahagi ng handog bago pa man matapos ang ritual ng paghahandog para sa Diyos.
   c. Parehong A at B
   d. Wala sa choices

2. Alin ang tamang statement?
   a. Nakinig ang mga anak ni Eli sa kanya matapos niyang pigilan ang mga ito sa kanilang maling ginagawa.
   b. Mas pinarangalan ni Eli ang kanyang mga anak pag dating sa paghahandog sa halip na ang Diyos.
   c. Namatay si Eli bunga ng pagkatalo ng mga Israelita sa mga Philistines.
   d. Wala sa choices.

3. Ano ang ginawa ng mga Philistines sa ark of the covenant matapos nila itong tangayin?
   a. Sinira nila ito.
   b. Pinagpiraso-piraso ito at ibinigay ang mga bahagi sa bawat tribo ng Israel.
   c. Ipinasok ito sa tolda ng hari ng Philistine.
   d. Itinabi ito sa kanilang diyos na si Dagon sa loob ng kanilang templo.

4. Alin ang tamang statement?
   a. Ang hiniling na anak ni Hannah sa Diyos ay ipinangako niyang maglilingkod sa Diyos kapag ito ay nasa wastong gulang na ng adulthood.
   b. Si Samuel ang kaisa-isang anak nila Elkanah at Hannah.
   c. Inalagaan ng husto ni Hannah si Samuel at hindi ito hinayaang mawalay sa kanya.
   d. Nang lumaki na si Samuel, dinala na ito ni Hannah sa Shiloh upang tuparin ang kanyang pangako sa Diyos.

5. Anong mahalagang bagay ang matututuhan mo sa buhay ni Samuel?
   a. Kahit bata pa ay maaari nang maglingkod sa Diyos.
   b. Maging handa na makinig sa mensahe ng Diyos at gawin ang Kanyang pinag-uutos.
   c. Bagamat may mga bagay na mahirap na pinagawa ang Diyos kay Samuel, siya ay nagtiwala at sumunod sa inutos ng Diyos.
   d. All of the above.

6. Alin sa mga sumusunod ang hindi totoo tungkol kay Samuel?
   a. Ginugol ni Samuel ang kanyang buong buhay sa paglilingkod sa Diyos.
   b. Laging nakikinig si Samuel sa Diyos at sinusunod ang Kanyang nais na ipahayag sa tao.
   c. Naging mahirap para sa bayang Israel na tanggapin si Samuel bilang propeta at hukom.
   d. All of the above.

7. Alin ang tamang statement?
   a. Gaya ni Samuel, maging handa tayo na makinig at tanggapin ang tawag ng Diyos at hindi magbigay ng kahit anong excuses.
   b. Ang edad ng isang tao ay hindi basehan ng paglilingkod sa Kanya.
   c. Ang mga anak ay hindi automatic na sinusunod ang yapak ng magulang.
   d. All of the above.

© Revised July 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.